



PATNUBAY SA MISA



29 Hunyo 2014

Dakilang Kapistahan nina Apostol San Pedro at San Pablo

Taong A

HINAHAMONG MAGPATOTOO

Ipinagdiriwang natin ngayon ang Dakilang Kapistahan nina Apostol San Pedro at San Pablo. Ipinagbubunyi nati't pinupuri ang Diyos para sa liwanag at lakas na tinanggap nila upang maipahayag ang Mabuting Balita at maging saksi kay Kristo sa pamamagitan ng pagbubuwis ng kanilang sariling dugo. Ipinako si Pedro sa krus; at si Pablo naman ay pinugutan. May mga pagkakaiba sila sa isa't isa, ngunit kapwa may malaking pag-ibig kay Kristo.

Bilang mga kaanib ng Simbahan, tayo man ay hinahamong mabuhay at sumaksi sa pananampalataya at maging tapat sa gayong tungkulin. Sa Eukaristiyang ito, ipagdasal natin ang grasyang ito habang pinasasalamatan natin ang nakapupukaw na halimbawa nina San Pedro at San Pablo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang binhi ng Sambayana'y ipinunlang dugong mahal nina Pedro't Pablóng banal na kasalo't kaibigan ng Panginoon ng tanan.

Pagbati

P–Pagpupuri at luwalhati sa Diyos na nagbigay sa atin ng mga dakilang apostol na sina Pedro at Pablo. Ang kanyang pagpapala at kapayapaan nawa'y sumainyong lahat.

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Bawat Eukaristiya ay isang hamon sa pagpapanibagong sigla ng ipinangako sa Panginoon nang tayo'y binyagan. Sandali tayong manahimik at magsuri kung gaano tayo naging tapat sa gayong pangako. (Manahimik sandali.) Hilingin natin ngayon ang kapatawaran ng Diyos.

P –Panginoong Hesus, ipinakita mo sa amin ang daang patungo sa Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, inihabilin mo ang iyong Simbahan sa pamumuno ni Pedro. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, tinawag mo si Pablo upang mangaral sa mga Hentil. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga

kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ipinagkaloob mo ang kagalang-galang at banal na kagalakan ng araw na ito ng dakilang kapistahan nina San Pedro at San Pablo. Pagbigyan mong masunod ng iyong Sambayanan sa lahat ng larangan ang ipinamana ng mga pinagbuhatan ng simula ng relihiyon sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPANAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Gw 12:1-11
Ipinakulong si Pedro, ngunit iniligtas siya ng tulong ng Diyos at dinala siya sa kanyang misyonerong gawain nang buong galak at sigla.

L- Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, sinimulang usigin ni Haring Herodes ang ilang kaanib ng simbahan. Pina-pugutan niya si Santiagong kapatid ni Juan. Nang makita niyang ito'y ikinalugod ng mga Judio, si Pedro naman ang kanyang ipinadakip. Nangyari ito noong Pista ng Tinapay na Walang Lebadura. Pagkadakip kay Pedro, ito'y ikinulong at pinabattayan sa apat na pangkat ng tig-aapat na kawal. Ang balak ni Herodes ay iharap siya sa bayan pagkatapos ng pista, kaya't nanatiling nakabilanggo si Pedro. Samantala, siya'y taimtim na ipinananalangin ng simbahan.

Gabi noon. Si Pedro'y natutulong sa pagitan ng dalawang kawal. Gapos siya ng dalawang tanikala at may mga tanod pa sa harap ng pinto ng bilangguan. Siya'y nakatakang iharap ni Herodes sa bayan kinabukasan. Walang anu-ano'y lumitaw ang isang anghel ng Panginoon, at nagliwanag na mabuti sa silid-piitan. Tinapik niya sa tagiliran si Pedro at ginising. "Bumangon ka, dali!" wika ng anghel. Pagdaka'y nakalag ang mga tanikala sa kanyang mga kamay. "Magbigkis ka't magsuot ng panyapak," sabi ng anghel. Gayon nga ang kanyang ginawa. Sinabi pa sa kanya ng anghel, "Magbalabal ka't sumunod sa akin." Lumabas naman si Pedro at sumunod sa kanya, ngunit hindi niya alam kung tunay ang nangyayari. Ang akala niya'y nananaginip lamang siya. Nakalampas sila sa una at pangalawang bantay; nakarating sila sa pintuang bakal na labasan patungo sa lunsod. Ito'y kusang nabuksan, at lumabas sila. Pagkaraan nila sa isang kalye, biglang nawala ang anghel.

Naliwanagan ni Pedro ang nangyari kaya't sinabi niya, "Ngayon ko natiyak na totoo palang lahat! Sinugo ng Panginoon ang kanyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa inaasahan ng mga Judio na mangyayari sa akin."

Ang Salita ng Diyos!

B - Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 33

B - Ang D'yos ang siyang nagligtas sa aking takot at sindak!

R. M. Velez
Dm

Ang D'yos ang siyang nagligtas sa

a ---king ta---kot at sin---dak!

* Panginoon'y aking laging pupurihin; sa pasasalamat di ako titigil. Aking pupurihin kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa! B.

* Ang pagkadakila niya ay ihayag at ang ngalan niya'y purihin ng lahat! Ang aking dalangi'y dininig ng Diyos, nawala sa akin ang lahat kong takot. B.

* Nagalak ang aping umasa sa kanya, pagka't di nabigo ang pagasa nila. Tumatawag sa Diyos ang walang pag-asa, sila'y iniligtas sa hirap at dusa. B.

* Anghel yaong bantay sa may takot sa Diyos, sa mga panganib, sila'y kinukupkop. Ang galing ng Poon hanaping masakip; yaong nagtiwala sa kanya't nagligtas ay maituturing na taong mapalad. B.

Ikalawang Pagbasa 2 Tim 4:6-8.17-18

Sa dulo ng kanyang buhay, nakatagpo si Pablo ng kasiyahan at lakas kay Kristong magkakaloob ng kanyang karapat-dapat na gantimpala.

L- Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni San Pablo kay Timoteo

Pinakamamahal, ako'y iaalay na; dumating na ang oras ng pagpanaw ko sa buhay na ito. Puspusan akong lumaban sa paligsahan. Natapos ko na ang dapat kong takbuhin. Nanatili akong tapat sa pananampalataya.

Kakamtan ko na ang korona ng pagtatagumpay. At sa araw na yaon, ang Panginoon na siyang makatarungang hukom, ang magpuputong sa akin ng korona, hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa muli niyang pagparito.

Ngunit pinatnubayan ako ng Panginoon at binigyan ng lakas upang maipahayag sa mga Hentil ang salita; naligtas ako sa tiyak na kapahamakan. Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin sa kanyang kaharian sa langit. Purihin nawa siya magpakailanman! Amen.

Ang Salita ng Diyos!

B - Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 16:18

B - Aleluya! Aleluya!

Ikaw, Pedro, ang saligan ng aking simbhang banal na daig ang kamatayan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 16:13-19

Bilang tugon sa pagpapahayag ng pananampalataya ni Simon na si Hesus nga ang Mesiyas at Anak ng Diyos, binago ni Hesus ang pangalan ni Simon at ginawa itong Pedro (Bato), na waring hudyat ng kanyang magiging papel sa Simbahan.

P - Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B - Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, dumating si Hesus sa lupain ng Cesarea ng Filipos. Tinanong niya ang kanyang mga alagad, "Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?" At sumagot sila, "Ang sabi po ng ilan ay si Juan Bautista kayo. Sabi naman ng iba, si Elias kayo. At may nagsasabi pang si Jeremias kayo o isa sa mga propeta." "Kayo naman, ano ang sabi ninyo? Sino ako?" tanong niya sa kanila. Sumagot si Simon Pedro, "Kayo po ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay." Sinabi sa kanya ni Hesus, "Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagka't ang katotohanang ito'y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Amang nasa langit. At sinasabi ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking simbahan, at hindi makapananaig sa kanya kahit ang kapangyarihan ng kamatayan.

Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B - Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B - Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagka-

tawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Nagpupuri at nagpapasalamat sa Panginoon sa Kanyang paghiring kina Pedro at Pablo para sa mabigat na tungkuling mamuno at mamatnubay sa Simbahan, manalangin tayo:

B—Panginoon, gawin Mo kaming Iyong mga saksi!

* Para sa Simbahan: Nawa sa harap ng mga hamon at suliranin, makapagpatuloy ito sa pagtitiwalang si Kristo ang siyang namamatnubay at nagpapastol dito sa tulong ng mga Apostol. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, mga pari, relihiyoso at mga namumuno: Nawa sa tungkulin nilang pangangaral, sila ay magabayan, tulad ng mga apostol na sina Pedro at Pablo, ng pag-ibig ni Kristo sa lahat ng oras. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga namumuno sa atin sa mga tanggapang pambansa at lokal: Nawa sa halimbawa ng mga apostol na sina Pedro at Pablo, makilala nilang ang tunay na pamumuno ay nasa paglilingkod nang may kababaang loob, matibay na pagtitiwala sa Panginoon, at kahandaang humarap sa mga pagsubok at pagtitiis. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng Kristiyanong dumaranas ng mga kahirapan sa pananampalataya: Nawa makatagpo sila ng lakas at sigla sa

halimbawa nina Pedro at Pablo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga naglilingkod sa mahihirap na misyon: Nawa magdulot sa kanila ng inspirasyon ang lakas ng loob at pananampalataya nina Pedro at Pablo. Manalangin tayo! **B.**

* Ipanalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumahimik sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P—Ama, nagpapasalamat kami sa Iyo at binigyan Mo ang Iyong Simbahan ng mga pinunong tulad nina Pedro at Pablo. Sa aming mga paghihirap at kahinaan, gabayan nawa kami ng kanilang mga panalangin tungo sa katapatan at pagmamahal sa Iyong Simbahan, sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang mga alay na aming inihahandog para sambahin ang ngalan mo ay patnubayan nawa ng panalangin ng mga apostol na magharap din nawa sa amin bilang mga nakatalaga sa iyo para ipagdiwang ang paghahaing ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nilooob mong ngayo'y aming ikagalak na si San Pedro't San Pablo'y kapwa matapat sa pananampalatayang inihayag at inilaganap. Binuo ni San Pedro ang sambayanang tinipon ng Anak mong pinanaligan ng ilan sa Israel noon. Si San Pablo'y tagapagturo at tagapagpaliwanag sa iba't ibang mga tao na nais

mong matawag. Silang dalawa'y mayroong magkaibang larangan sa paglilingkod kay Kristo sa iisang sambayanan. Kapwa nila tinamo ang putong ng tagumpay na ngayo'y dinarakila sa buong sanlibutan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo Panginoon Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako kapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Wika ni Pedro kay Hesús: “Kayo'y Kristo, Anak ng D'yos.” Si Hesús nama'y sumagot: “Ika'y Pedro, batong subok saligan ng bayan ng D'yos.”

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay makapamuhay nawa bilang iyong Sambayanang nananatili sa itinuro ng mga apostol, sa paghahati-hati ng tinapay, nagkakaisa ng damdami’t isipan, at pinatatag ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesu-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Itinangi kayo ng Panginoon sa loob ng kanyang Simbahang itinatag niya sa bato ng pananampalataya ni Pedro. Pagkalooban nawa kayo ng pananampalatayang hindi magmamaliw.

B–Amen!

P–Pinagkalooban kayo ng kaalaman sa pananampalataya sa pamamagitan ng pagsisikap at pangaral ni San Pablo. Humango nawa kayo – sa kanyang halimbawa – ng inspirasyon para akayin ang inyong kapwa kay Kristo sa pamamagitan ng

inyong pamumuhay.

B–Amen!

P–Nawa ang mga susi ni Pedro at ang mga salita ni Pablo, ang kanilang pagbibigay-saksi at mga panalangin, ay mag-akay sa inyo sa kagalakan ng tahananang natamo ni Pedro sa pamamagitan ng kanyang krus, at ni Pablo sa pamamagitan ng espada.

B–Amen!

P–Sumainyo ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

B–Salamat sa Diyos!

San Pedro at San Pablo: Magkaiba Ngunit Magkapareho

• Fr. John Larrea, SDB

- Ipinagdiriwang natin ngayon ang kapistahan ng mga apostol Pedro at Pablo. Nagagalak at nagpupuri tayo sa Diyos sa pagkakaloob Niya sa dalawang apostol na ito ng liwanag at lakas para ipahayag ang Ebanghelyo sa buong buhay nila, at magpatotoo kay Kristo sa kanilang pagkamatay sa pamamagitan ng pagbububo ng kanilang dugo. Kapwa sila pinatay sa Roma noong mga 67 AD, mga 35 taon pagkatapos ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus.
- Ayon sa isang matandang tradisyon, ipinako sa krus si Pedro, at si Pablo nama’y pinugutan ng ulo. Alinsunod sa kautusan sa Roma, walang Romano ang mahahatulag mamatay sa krus, gaano man ang bigat ng kanyang kasalanan; ang gayong uri ng kamatayan ay para lamang sa mga di-mamamayan, mga alipin at mga kriminal. Kaya nga magkaibang uri ng kamatayan ang ipinatupad para sa dalawang apostol: palibhasa isang Romano, si Pablo ay pinugutan; si Pedro, na tagalabas, ay ipinako sa krus.
- Inilibing si Pedro sa isang libingang pambalana. Di nagtagal at ang libingan niya’y dinayo ng mga peregrinong nagsadya roon upang humiling na sila sana’y ipagdasal. Sa ibabaw mismo ng libingan niya ngayo’y nakatayo ang pinakamalaking templo sa mundo, ang “Vatican Basilica.” Ang libingan ni Pedro ay nasa ilalim mismo ng altar. Karaniwan nang dito’y lumuluhod ang mga tao at nagdarasal ng Kredo, na ipinangaral ni Pedro. Sa may pagpasok sa Simbahan, makikita ang estatuwa ni Pedro sa gawing kanan. Yari sa tanso, na matigas na bakal, makikita kung paanong ang paa ng estatuwa ay naupod na dahil sa milyun-milyong humalik o nagpahid dito sa marami nang siglo.
- At si Pablo? May isa pang maganda ring simbahan sa Roma, “Ang

Simbahan ni San Pablo sa labas ng mga pader.” Dito mismo sinasabing pinugutan si Pablo. Nang patayin noon si Pablo, ang lugar na iyon ay nasa labas ng lunsod, malapit sa mga pader na sumasaklaw sa lunsod; kaya, gayon ang ipinangalan sa templong iyon.

- Maaaring ipagtanong kung bakit magkasabay na pinararangalan ang dalawang apostol sa iisang kapistahan. Sa katunayan, si Pablo ay ginugunita sa isa pang araw – sa Enero 25, na kapistahan ng kanyang pagbabagong-loob.

Ngunit sa mula’t mula pa, sabay nang pinararangalan ng Simbahan sina Pedro at Pablo. Sa katunayan, ang dalawa ay makikitang magkatabi sa mga larawan noon pang matandang panahon. Gayunman, sa pagkatao, magkaiba naman ang dalawang ito:

- Di nakapag-aral si Pedro, samantalang si Pablo ay nakaabot sa mataas na pag-aaral. Higit na matalino si Pablo kaysa kay Pedro.
- Madaling madala si Pedro ng kanyang damdamin. Siya’y mapusok; si Pablo’y maingat na nag-iisip.

Magkapareho naman sila sa marubdob na pagmamahal kay Kristo na gumanyak sa kanila para tapat na tumupad sa tungkuling ipinagkatiwala sa kanila.

Ang ganitong pagmamahal na gumabay sa kanila sa buhay ay siyang nagbuklod sa kanila sa kamatayan. Tawag sa kanila ng mga unang Kristiyano ay “ang dalawang haligi ng Simbahan,” “dalawang parol” na nag-aalab para kay Kristo, na umaakay sa mga Kristiyano patungong langit.

(*Ang siping ito ay hango sa Ang Salita ng Diyos na isinulat ni Fr. John Larrea, SDB at isinalin sa Filipino ni Cecilia G. Valmonte, EdD. Ito ay mabibili sa Word & Life Center sa Makati.*)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan